7

# Lingguhang Aralin sa Filipino

Kuwarter 3

Aralin

4

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Filipino Baitang 7**
**Kuwarter 3: Aralin 4 (para sa Ikaapat Linggo)**
**SY 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa School Year 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon.

**Mga Tagapagbuo**

**Manunulat:**
- Joel C. Malabanan, Ph.D (Philippine Normal University - Manila)

**Tagasuri:**
- Voltaire M. Villanueva, Ph.D (Philippine Normal University - Manila)

**Mga Tagapamahala**


Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMMER National Research Centre

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng *Bureau of Learning Resources* sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**FILIPINO/ BAITANG 7/ IKATLONG KUWARTER (ARALIN 4 - para sa Ikaapat na Linggo)**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, malikhain, at kritikal na pag-unawa at pagsusuri ng mga tekstong pampanitikan sa Panahon ng mga Kastila (Tuluyan at Patula) at tekstong impormasyonal (eskpositori) para sa paghubog ng kaakuhan at pagpapahalagang Pilipino, at pagbuo ng mga teksto sa iba't ibang paraan (multimodal) para sa tiyak na layunin, pagpapakahulugan, at target na babasa o awdiyens. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng *brochure* para sa bayograpikal na sanaysay ng isang tauhan sa binasang akda na isinasaalang-alang ang elemento ng biswal at multimodal na may paglalapat ng kasanayang komunikatibo at etikal na kasanayan at pananagutan. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | ● **Naiisa-isa ang mahahalagang pangyayari sa panahon ng pananakop ng Espanya kaugnay ng mga tekstong pampanitikan.**<br>- Natatalakay ang mahahalagang pangyayari sa panitikan sa panahon ng pananakop ng Espanyol.<br>- Nasusuri ang mga tema at paksa na ginamit sa panitikan.<br>- Napahahalagahan ang kasaysayan ng panitikan sa panahon ng pananakop.<br><br>● **Nasusuri ang mga detalye ng tekstong pampanitikan para sa kritikal na pag-unawa.**<br>- Natutukoy ang mahahalagang elemento at detalye sa mga akda.<br>- Naipaliliwanag ang mensahe o pahiwatig at kaisipang nakapaloob sa mga akda.<br>- Naiuugnay ang mahahalagang kaisipan ng akda batay sa sariling pananaw, moral, katangian at karanasan ng tao.<br>- Nasusuri ang mahahalagang pangyayari sa teksto (tuluyan) batay sa konteksto ng panahon, lunan at may-akda.<br><br>● **Nasusuri ang mga elementong panlingguwistika at gamit ng wika sa akda.**<br>- Nasusuri ang kultural na elemento (simbolo, wika, norms, pagpapahalaga at arketipo) na nakapaloob sa teksto batay sa konteksto ng panahon. |
| **D. Nilalaman** | ● Mga Pangunahing Panitikan sa Panahon ng Pananakop ng Espanya:<br>● Dula, Senakulo, Moro-moro, Sarsuwela, Tibag, Flores de Mayo, Santacruzan, Awit at Korido<br>● Mga awit ng rebolusyon laban sa mga Kastila at iba pa<br>● Mga Aral ng Katipunan at ang Kabuluhan nito sa Kasalukuyan |
| **E. Integrasyon** | ● Multikultural na Edukasyon<br>● Gamit at Kahalagahan ng Panitikan sa Panahon ng Mga Kastila<br>● Pantayong Pananaw ni Dr. Zeus Salazar |

| II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO |
|---|
| Cabardo, R., Dy, J. L., Ipaz, J. P., & Bejison, R. M. (2022). *Tuon-Dunong: Batayang Aklat at Moyul sa Filipino 7.* (V. M Villanueva, Ed.) [Filipino]. Johnny and Hansel Publications.<br>Cabardo, R., Dy, J. L., Ipaz, J. P., & Bejison, R. M. (2022). *Tuon-Dunong: Batayang Aklat at Moyul sa Filipino 8.* (V. M Villanueva, Ed.) [Filipino]. Johnny and Hansel Publications.<br>Canciones de Filipinas. (2021). Marangal na Dalit ng Katagalugan. *Youtube.* https://www.youtube.com/watch?v=blHO-759nf4<br>Craig, A. (1927). Himagsikan ng mga Pilipino Laban sa mga Kastila. https://www.oocities.org/valkyrie47no/ricarte.htm<br>Del Pilar, M. (2002). Isang Tula sa Bayan. *Tagalog Lang.* https://www.tagaloglang.com/isang-tula-sa-bayan/<br>Hila, A.C. (2002). A historical overview of Philippine music. *Ad Veritatem 1(2) : March 2002.* p. 43-527. https://animorepository.dlsu.edu.ph/faculty_research/10091/<br>Inang Laya. (2018). Alerta Katipunan. *Youtube.* https://www.youtube.com/watch?v=MEJUHtWoNdo<br>Malabanan, J.C. (2021). Awit sa Pantayong Pananaw. *Youtube. https://www.youtube.com/watch?v=XfVhxOnW6NA*Maypagasa. (2023). Jocylinang Baliwag. *Youtube.* https://www.youtube.com/watch?v=yHuuOQ0ANGI<br>Ortiz, A. (2017). Ang Kaligirang Kasaysayan ng Koridong Ibong Adarna. https://allanalmosaortiz.wixsite.com/myportfolio/single-post/2017/02/09/ang-kaligirang-kasaysayan-ng-koridong-ibong-adarna<br>Panitikang Pilipino: Filipino Modyul para sa Mag-aaral 8<br>Philippine Center for Masonic Studies. (2022). Kartilya ng Katipunan. https://www.philippinemasonry.org/kartilya-ng-katipunan.html<br>Santiago, L. (2007). Mga Panitikan ng Pilipinas. C & E Publishing Inc.<br>Villanueva, V. M. (2018). #ABKD: Ako Bibo Kase Dapat (Alpabeto ng Inobatibo at Makabagong Guro ng Araling Panlipunan, Edukasyon sa Pagpapakatao, at Filipino. VMV Publishing House. |

| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | MGA TALA sa GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **Unang Araw**<br>**Maikling Balik-aral**<br>**A. ESTRUKTURA NG KATIPUNAN**: Sa pigura ay makikita ang estruktura kung paaano nanghihikayat ng mga kasapi ang Katipunan noong 1892. Sa pagitan ng mga linya ay itala ang mga pangalan ng Katipunerong natatandaan mo.<br><br>ang larawan ay mula sa https://philippinefolklifemuseum.org/collection/andres-bonifacio/ | Mahigit 200 mga pag-aaklas laban sa mga Kastila ang naganap sa Pilipinas mula 1565 hanggang 1898. Karamihan sa mga pag-aaklas na ito ay hindi nagtagumpay dahil sa kawalan ng pagkakaisa ng ating mga ninuno.<br><br>Subalit noong Hulyo 7, 1892 |

| | | |
|---|---|---|
| | **B. PANITIKAN AT KASAYSAYAN NG PAKIKIBAKA SA MGA KASTILA**<br>May mahalagang papel na ginampanan ang panitikan sa pakikibaka ng mga Pilipino laban sa mga Kastila. Nagsilbing dokumentasyon ng kasaysayan ang mga tula, awit, sanaysay, at nobela upang paapuyin ang nasyonalismo sa puso ng ating mga ninuno. Punuan ng wastong kasagutan ang sumusunod:<br>***(Tingnan ang pahina 1 ng Sagutang Papel para makita ang mga katanungan)*** | ay naitatag nina Andres Bonifacio Deodato Arellano, Ladislao Diwa, Valentin Diaz at iba pa ang Katipunan na naging matagumpay ang pakikibaka laban sa mga Kastila.<br><br>Maraming mahahalagang akdang pampanitikan ang dapat mapag-aralan ng mga mag-aaral na mahahalawan pa rin ng aral sa kasalukuyan ang tatalakayin sa lesson exemplar na ito.<br><br>Kailangang mabigyan-diin ng guro ang halaga ng pagkilala sa mga bayani ng rebolusyong 1896 bilang pundasyon ng pagkabuo ng bansang Pilipinas.<br><br>Mga Kasagutan:<br>1. El Filibusterismo<br>2. Kalayaan<br>3. Pingkian<br>4. 12<br>5. Crisostomo Ibarra<br>6. Marcelo H. del Pilar<br>7. Jose Rizal<br>8. Marangal na Dalit ng Katagalugan<br>9. Andres Bonifacio<br>10. Taga-ilog<br>11. Kundiman |

| | | |
|---|---|---|
| | | 12. Julian Felipe<br>13. Aretemio Ricarte.<br>14. Macario Sakay<br>15. Bayani<br><br>Kung sa tantiya ng guro ay hindi sapat ang kaalaman ng mga mag-aaral kahit pa napag-aralan na nila ang mga aytem noong sila ay grade 5 at grade 6, maaaring ibahagi ng guro ang mga pagpipiliang sagot basta at may dagdag na pang-*distract* upang hindi maging *give-away* ang sagot. |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **Ikalawang Araw**<br>**1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br><br>Paghahangad ng kalayaan ang naging paksa ng mga akdang pampanitikan matapos hatulan ng kamatayan ang mga paring martir na sina Mariano Gomez, Jose Burgos at Jacinto Zamora noong ika-17 ng Pebrero, 1872. Ang paghahangad nila ng pantay na karapatan sa pagitan ng mga paring Pilipino at Kastila ay itinuring na pag-aaklas ng mga awtoridad. Mula 1872 hanggang 1892 ay nagtangka ang mga Pilipinong tulad nina Dr. Jose Rizal, Marcelo H. Del Pilar, Graciano Lopez Jaena, Antonio Luna, at marami pang iba na kasapi ng Kilusang Propaganda na manawagan ng reporma sa pamamalakad ng mga Kastila sa Pilipinas ngunit hindi ito nagtagumpay.<br><br>Noong Hulyo 7, 1892 ay naitatag ang Katipunan at ito ang naghudyat ng panibagong yugto sa pakikibaka ng ating mga ninuno patungo sa kalayaan. Mahalagang maunawaan ng mag-aaral na tulad mo ang bahaging ito ng kasaysayan upang higit na masuri ang kasalukuyan at mapaghanadaan ang kinabukasan. Buwan ng Marso, 1896 nang sulatin ni Andres Bonifacio ang kaniyang sanaysay na “Ang dapat Mabatid ng mga Tagalog”. Narito ang bahagi ng sanaysay: | Mahalagang maipabasa pa rin sa mga bata ang buong sanaysay ni Andres Bonifacio na “Ang Dapat Mabatid ng mga Tagalog. Bagamat ang sanaysay ay nasa konteksto ng pananakop ng mga Kastila sa Pilipinas, maaari pa ring matalakay ng guro ang kahalagahan nito sa kasalukuyan.<br><br>Maaaring itanong sa mga mga bata:<br>● Ano ang kalagayan ng bansa sa kasalukuyan? Sino-sino ba ang may kontrol ng ating ekonomiya?<br>● Ano ang magaganap sa |

| | | |
|---|---|---|
| | *Ang Dapat Mabatid ng Mga Tagalog*<br>*(maikling bahagi)*<br><br>Ang araw ng katwiran na sumisikat sa Silanganan ay malinaw na itinuturo sa ating mga matang malaong nabulagan ang landas na dapat nating tunguhin. Ang liwanag niya'y tanglaw sa ating mga mata upang makita natin ang mga kukong nag-akma ng kamatayang alay sa atin ng mga ganid na asal. Itinuturo ng katwiran na wala tayong iba pang maaantay kundi lalo't lalong kahirapan, lalo't lalong kataksilan, lalo't lalong kaalipustaan, at lalo't lalong kaalipinan. Itinuturo ng katwiran na huwag nating sayangin ang panahon sa pag-asa sa ipinangakong kaginhawahan na hindi darating at hindi mangyayari. Itinuturo ng katwiran na tayo'y umasa sa ating sarili at huwag antayin sa iba ang ating kabuhayan. Itinuturo ng katwiran na tayo'y magkaisang-loob, magkaisang-isip at akala, at tayo'y magkalakas na maihanap ng lunas ang naghaharing kasamaan sa ating Bayan. Panahon na ngayong dapat na lumitaw ang liwanag ng katotohanan. Panahon nang dapat nating ipakilala na tayo'y may sariling pagdaramdam, may puri, may hiya at pagdadamayan.<br><br>Ngayon, panahon nang dapat simulan ang pagsisiwalat ng mga mahal at dakilang aral na magwawasak sa masinsing tabing na bumubulag sa ating kaisipan. Panahon na ngayong dapat makilala ng mga Tagalog ang pinagmulan ng kanilang mga kahirapan. Araw na itong dapat kilalanin na sa bawat hakbang natin ay tumutuntong tayo at nabibingit sa malalim na hukay ng kamatayan na sa atin ay inuumang ng mga kaaway. Kaya, O mga kababayan! Ating idilat ang nabulag na kaisipan, at kusang igugol sa kagalingan ang ating lakas sa tunay at lubos na pag-asa na magtagumpay sa minimithing kaginhawahan ng bayang tinubuan.<br><br>Ipaliwanag sa pamamagitan ng organisadong mga pangungusap na hindi bababa sa lima (5) ang mensahe o pahiwatig at kaisipang nakapaloob sa bahaging ito ng sanaysay ni Andres Bonifacio:<br>____________________________________________________________<br>____________________________________________________________<br>____________________________________________________________ | Pilipinas kung maaangkin na ng China ang West Philippine Sea?<br>● Maituturing bang ganap na ngang malaya ang Pilipinas sa kasalukuyan? Bakit? |

<table>
<tr><td></td><td>
1. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin<br>
A. PAGBIBIGAY-LINAW: Ibigay ang kahulugan ng mga salitang nakahilig batay sa pagkakagamit sa sanaysay na Ang Musika ng Rebolusyong Pilipino Laban sa mga Kastila Batay sa Pananaliksik ni Dr. Antonio Hila. Pagkatapos ay gamitin sa sariling pangungusap.<br>
(Tingnan ang pahina 3-4 ng Sagutang Papel)<br>
B. LAHAD-DIWA: Anong mahalagang paksa ang inilalahad ng akda at nagbibigay ng paglalarawan sa katangian ng panitikan sa Panahon ng Rebolusyong Pilipino batay sa sanaysay? Ipaliwanag.
</td><td></td></tr>
<tr><td></td><td>
Ang Musika ng Rebolusyong Pilipino Laban sa mga Kastila Batay sa Pananaliksik ni Dr. Antonio Hila<br><br>
Si Dr. Antonio C. Hila ay kilalang musikero, historyador at mahusay na kritiko. Nagtapos siya sa Unibersidad ng Santo Tomas at full professor sa the Department of History ng De La Salle University at nanungkulan bilang Remedios Bosch Jimenez Chair in Music Studies. Siya ang public relations officer ng The National Music Competitions for Young Artists.<br><br>
Noong Hunyo 13, 2009 ay nagbigay si Dr. Antonio Hila ng lektyur na pinamagatang “Philippine Music: A Historical Overview” sa University of Hawaii bilang bahagi ng pagdiriwang kaugnay ng Musikang Pilipino. Nakapagsulat siya ng mga aklat kaugnay sa musika tulad ng Music in History, History in Music, na tumatalakay sa kasaysayan ng musika sa bansa sa panahon ng pananakop ng mga Kastila at mga Amerikano.<br><br>
Binigyang-diin ni Dr. Antonio Hila sa kaniyang papel na ang musika, tulad ng Kasaysayan ay isang proseso na nagpapakita ng imahen ng tao sa isang partikular na panahon. Tulad ng ibang sining, ipinapakita nito ang kaluluwa ng tao at naglalantad ng mga tiyak na katangian ng emosyon at pang-unawa ng tao sa isang time frame. Sa panahon ng rebolusyon, hindi lamang itak at bala ang hawak ng mga nag-aaklas kundi musika at iba pang anyo ng sining.<br><br>
Ang musika ng mga Pilipino sa panahon ng rebolusyon ay hango sa kanilang mga karanasan at sa impluwensiya ng tatlong siglong pananakop ng mga Kastila kung kaya matatagpuan ang mga ito sa anyo ng marcha, danza habanera, kundiman o paso doble. Ang mga makabayang martsa ay nilikha para magkaroon
</td><td>
Tuwing flag ceremony ay inaawit palagi ng mga mag-aaral ang Lupang Hinirang. Subalit mahalagang maunawaan ng mga mag-aaral ang konteksto kung bakit ito nabuo at maunawaan ang tunay na kahulugan nito sa kasalukuyan.<br><br>
Sa tulong ng guro ay maaaring mapakinggan sa klase ang mga sumusunod na awit na binanggit sa sanaysay:<br><br>
Marangal na Dalit ng Katagalugan<br>
https://www.youtube.com/watch?v=blHO-759nf4<br><br>
Jocelynang Baliwag<br>
https://www.youtube.com/watch?v=yHuuOQ0ANGI<br>
Alerta Katipunan<br>
https://www.youtube.com/wa
</td></tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | ng inspirasyon ang mga rebolusyunaryo sa pakikibaka at nauuri ito sa dalawa, ang *jubilant military march* na masigla at ang malungkot na *marcha funebre* para sa napatay sa laban.<br><br>Si Julio Nakpil ay nakalikha ng maraming komposisyon na nagpapakita ng kadakilaan at katapangan ng mga rebolusyunaryo. Ilan sa nalikha niya ay ang "Pamitinan" na ang ibig sabihin ay "taguan" ng mga *remontados* o rebelde, "Biac na Bato", isang *paso-doble* kaugnay ng pakikipagkasundo nina Aguinaldo sa Biac na Bato noong 1897 at ang "Pasig Pantayanin" na nilikha niya nang tumira siya sa Pasig. Si Nakpil rin ang lumikha ng "Marangal na Dalit ng Katagalugan" na ipinagawa sa kaniya ni Andres Bonifacio na ayon kay Prof. Felipe de Leon ay siya sanang Pambansang Awit ng Pilipinas kung hindi napaslang ang Supremo. Nakalagay sa komposisyong ito ang salitang "Himno Nacional" at nalikha sa Balara noong Nobyembre, 1896.<br><br>Ayon kay Hila, hindi siya naniniwala na tinanggihan ni Aguinaldo ang likhang-awit na ito ni Nakpil bilang pambansang awit dahil walang dokumentong nagpapatunay na narinig ito ni Aguinaldo at napatugtog sa alinmang pagkakataon pagkatapos mamatay ni Bonifacio. Dagdag pa, ayon kay Hila, ang anthem ni Nakpil ay ganito ang sinasabi:<br><br>Mabuhay, Mabuhay yaong Kalayaan, Kalayaan<br>At pasulungin ang puri't kabanalan<br>Kastila'y mailing ng Katagalugan<br>At ngayo'y ipagwagi ang kahusayan<br><br>Tinugtog bilang *symphony* ang piyesa noong Disyembre 30, 1904 ng 170 musikero bilang paggunita sa ikawalong taong anibersaryo ng kamatayan ni Rizal. Tinugtog din ito ng Manila Symphony Orchestra noong 1931 sa pagkumpas ni Dr. Alexander Lippay.<br><br>Tinalakay din ni Dr. Hila ang *Marcha Nacional* ni Julian Felipe na naimpluwensiyahan ng Royal March ng Espanya. Sampung beses niya itong ipinarinig kay Aguinaldo at sa mga heneral nito nooong Hunyo 11, 1898 bago malugod na tinanggap at inaprubahan ayon mismo kay Julian Felipe. Ayon kay Hila, naniniwala siyang hindi sinabi ni Julian Felipe kay Aguinaldo na may bahagi ng Pambansang Awit na hango sa *Royal March* ng Spain at naniniwala siyang wala sinoman sa mga unang nakarinig ang nakapansin nito dahil kailangan na ang awit | tch?v=MEJUHtWoNdo |

para sa ika-12 ng Hunyo, 1898. Sabi ni Hila: *"ironically, Felipe had actually glorified the anthem of the enemy of the revolution in our national anthem that was played while the Philippine flag was being raised to signify our independence from the said enemy, Mother Spain."* Ang lirikong awit ay 1899 sinulat ni Jose Palma at pinamagatang "Filipinas" na unang nalathala sa pahayagang *La Independencia* na ang nagtatag ay si Antonio Luna. Napansin din ng ibang *composer* na may impluwensiya ng *French anthem* ang *national anthem* ni Felipe ngunit para kay Antonio Hila, ito ay aksidente lamang o hindi sinasadya.

Narito ang liriko ng awit na ngayon ay may pamagat na "Lupang Hinirang" na si Julian Felipe rin ang nagsalin sa wikang Tagalog:

*Lupang Hinirang*

Bayang Magiliw Perlas ng Silanganan
Alab ng puso sa dibdib mo'y buhay
Lupang hinirang duyan ka ng magiting
Sa manlulupig di ka pasisiil.
Sa dagat at bundok, sa simoy at sa langit mong bughaw
May dilag ang tula at awit sa paglayang minamahal
Ang kislap ng watawat mo'y tagumpay na nagniningning
Ang bituin at araw niya kailan pa ma'y di magdidilim
Lupa ng araw ng luwalhati't pagsinta
Buhay ay langit sa piling mo.
Aming ligaya na pag may mang-aapi
Ang mamatay nang dahil sa iyo.

Ang iba pang awit ng rebolusyunaro na kilala noong 1898 ay ang "Alerta Katipunan" na nagsasabing ang mga rebolusyunaro ay dapat palaging maging handa ganoon din ang "Alerta Voluntario" na nasusulat sa Kastila. Naging tanyag din ang Kundimang "Jocelynang Baliwag" sapagkat ang awit ay nagpapasilakbo ng kanilang dugo, nagbibigay tapang at lakas, nagpapaalala sa mahal sa buhay ng mga rebolusyunaryo at nakapupukaw ng damdamin upang ipaglaban ang katuwiran, ipaglaban ang Inang Bayan at sariling lahi (Molina, 1940). Hindi batid kung sino ang sumulat ng awit ngunit narito ang orihinal na liriko sa lumang Tagalog:

P– Pinopoong sinta, niring calolowa
Nacacawangis mo'y mabangong sampaga

| | | |
|---|---|---|
| | Dalisay sa linis, dakila sa ganda<br>Matimyas na bucal ng madlang ligaya.<br><br>E– Edeng maligayang kinaloclocan<br>Ng galak at tuwang catamis-tamisan<br>Hada cang maningning na ang matunghaya'y<br>Masamyong bulaclac agad sumisical.<br><br>P– Pinananaligan niring aking dibdib<br>Na sa paglalayag sa dagat ng sakit<br>'Di mo babayaang malunod sa hapis<br>Sa pagcabagabag co'y icaw ang sasagip.<br><br>I– Icaw na nga ang lunas sa aking dalita<br>Tanging magliligtas sa niluha-luha<br>Bunying binibining sinucuang cusa<br>Niring catawohang nangayupapa.<br><br>T– Tanggapin ang aking wagas na pag-ibig<br>Marubdob na ningas na taglay sa dibdib<br>Sa buhay na ito'y walang nilalangit<br>Cung hindi ikaw lamang, ilaw niring isip.<br><br>A– At sa cawacasa'y ang kapamanhikan<br>Tumbasan mo yaring pagsintang dalisay<br>Alalahanin mong cung 'di cahabagan<br>Iyong lalasunin ang aba cong buhay.<br><br>Akrostik na nabubuo sa unang letra ng bawat taludtod ang pangalang "Pepita" na patungkol sa palayaw ng isang magandang dalagang nagngangalang Josefa Tiongson y Lara mula sa Baliwag, Bulacan. Ang liriko ng awit na alay sa dalagang si "Pepita" ay naging metapora ng pagmamahal sa bayan.<br>Narito naman ang liriko ng "Alerta Katipunan"<br><br>*Alerta Katipunan*<br><br>Alerta, Katipunan! | |

Sa bundok ang tahanan
Doon mararanasan
Ang hirap ng katawan

Walang unan, walang kumot,
Walang banig sa pagtulog
Inuunan pa ay ang gulok
Abanseng katakut-takot!

Alerta! Katipunan
Bathin ang kahirapan
Pag-ibayuhin ang tapang
Kahit mamatay sa laban

Layon natin ay itaguyod,
Baya'y tubusin at itampok
Hayo na't tayo'y makipaghamok,
Abanseng katakut-takot!

Sa kasalukuyan, madali nang mapapakinggan ang mga awiting nabanggit sa *internet* tulad ng "Jocelynang Baliuag" na inawit ng aktibistang mang-aawit na si Susan Fernandez Magno at ang "Alerta Katipunan" na inawit ng grupong Inang Laya. Inawit din ang "Inang Laya" ng tula ni Andres Bonifacio na "Pag-ibig sa Tinubuang Lupa" at ang "Kung Tuyo na Ang Luha Mo, Aking Bayan" ni Amado V. Hernandez. Ang awiting "Bayan Ko", bagamat nasulat ni Jose Corazon de Jesus noong 1929 at nilapatan ng musika ni Constancio de Guzman ay nananatili pa ring inaawit sa mga kilos-protesta magmula noong panahon ng Batas Militar ni Marcos hanggang sa kasalukuyan.

Ang iba pang awit ng rebolusyon ay mukhang tungkol sa pag-ibig ngunit may nakatagong mensaheng makabayan gaya ng "Sa Iyo ang Dahil" na nalikha noong panahong bitayin ang Gomburza noong 1872. Isa pang awit ay ang "Ang Mga Martir" na nalikha sa Nueva Ecija noong 1897~~,~~ na tungkol sa pagpatay kay Rizal at sa tatlong paring martir. Sa huling bahagi ng papel ni Antonio Hila ay binigyang-diin niya na ang mga awit ng rebolusyon na nagpaalab ng nasynalismo ay

| | | |
|---|---|---|
| | nananatiling makabuluhan sa kasalukuyan sapagkat wala pa rin naming nagbago dahil patuloy pa ring nakikibaka ang mga Pilipino sa mga mapagsamantala.<br><br>**C. PAGLALAGOM**<br>Suriin ang liriko ng awiting "Kapangyarihan" ng Ben & Ben at ipaliwanag kung papaano ito maiuugnay sa simbolo, wika,pagpapahalaga, at tema na nakapaloob sa teksto kaugnay sa Mga Awit ng Rebolusyong Pilipino Laban sa Mga Kastila. Narito ang liriko ng awit:<br>***(Tingnan ang pahina 6-7 ng Sagutang Papel para sa liriko ng kanta)***<br><br>Isulat ang naging pagkukumpara sa pamamagitan ng isang sanaysay na hindi bababa sa sampung pangungusap.<br>________________________________________<br>________________________________________<br>________________________________________ | Ang mga mag-aaral sa kasalukuyan ay mahilig makinig ng sikat na OPM sa kasalukuyan. Mahalagang maunawaan nila na maging sa kasalukuyan ay may mga musikerong lumilikha ng awit para sa bayan. Ang Ben & Ben bilang kilalang banda sa kasalukuyan ay lumilikha rin ng mga *socially relevant* songs gaya ng "Kapangyarihan". |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **Ikatlong Araw**<br>Ang bahaging ito ay nakatuon sa paglinang ng pagpapalalim ng pag-unawa ng mga mag-aaral sa konseptong sakop ng aralin. Nakapaloob sa bahaging ito ang pagproseso ng pag-unawa sa aralin (lunsaran), paglinang ng konsepto, at halimbawang pagsasanay o gawain. Ang mga hakbang ay pagtatangka upang maunawaan ang aralin sa pamamagitan ng pagkatuto ng mga konsepto at mga gawain sa mga pagsasanay. Ang prosesong ito ay maaaring magkaiba-iba depende sa ano ang natutuhan at nagawa ng mga mag-aaral. Maaari ring maglaman ang bahaging ito ng mga kaugnay na paksa batay sa nakalaang oras upang matiyak ang ugnayan at pag-unlad ng pagkatuto ng mga mag-aaral.<br><br>**A. TALUDTOD-SAYSAY:** Ilahad ang saysay o kahalagahan ng–sumusunod na taludtod kaugnay ng kalagayan ng Pilipinas sa panahon ng pananakop ng mga Kastila. Isulat ang sagot sa patlang.<br>***(Tingnan ang pahina 8-9 ng Sagutang Papel)***<br>**B. KILATIS-DIWA** Pumili ng anim na saknong at isulat sa kahon ang paksang isinasaad nito. Isulat ang sagot sa pangungusap na paraan sa kahon.<br>***(Tingnan ang pahina 10 ng Sagutang Papel)*** | Upang lubusang maunawaan ang kalagayan ng Pilipinas sa ilalim ng Pananakop ng mga Kastila ay ipabasa ang isang tula na sinulat ng bayaning si Marcelo H. Del Pilar na "*Isang Tula sa Bayan".*<br><br>Ikaapat na Araw |

| | | |
|---|---|---|
| **D. Paglalahat** | **Ikaapat na Araw**<br>**Arketipo ng mga Akdang Rebolusyunaryo**<br><br>Ang arketipo ay ang mga sagisag, pasaring o simbolong imahen o padron napaulit-ulit na makikita sa mga akdang panitikan (paksa, tauhan, uri ng kuwento, pangyayari, at iba pa.) Sa panahon ng mga Kastila, ang mga awit na rebolusyunaryo ay paulit-ulit na nananawagan ng kalayaan. Maaaring magmukhang Kundiman ang isang awit na tumatalakay sa pag-ibig ngunit kalaunan, ang persona sa awit ay magiging metapora ng Inang Bayan. Gaya sa kantang “Jocelynang Baliuag”, ang paghanga sa dalaga ay naging panawagan para makamit ang Eden, paraiso o ang mismong kalayaan. Ginagamit din ang imahe ng ibong nakakulong sa hawla gaya ng kantang “Bayan Ko” na mas nakilala noong panahon ng pananakop ng mga Amerikano.<br><br>Ang atake sa wika ay makaluma at angkop sa panahon kung kailan nalikha ang mga awit. Ngunit ang kasalukuyang henerasyon ay may kakayahan pa ring maunawaan ang awit kahit pa may mga salita sa awit na hindi na ginagamit sa kasalukuyan. Ang pag-unawa sa konteksto ng awit ang magbibigay ng kakayahan sa mga mag-aaral sa kasalukuyan na maunawaan ng nakatagong mensahe ng awit.<br><br>**Ang Pantayong Pananaw ni Dr. Zeus A, Salazar**<br><br>Isa sa mga nirerespetong historyador sa kasalukuyan si Dr. Zeus A. Salazar. Ipinanganak siya noong Abril 29, 1934 sa Tiwi, Albay. Noong 1955, nagtapos siya sa UP Diliman ng AB Kasaysayan bilang Summa Cum Laude at Doctorat en Ethnologue sa Sorbonne, Universite de Paris, Pransya Mula 1956 hanggang 1968, nilakbay ni ZAS ang Europa sa kanyang pag-aaral ng iba’t ibang kurso sa Sorbonne, Université de Paris at iba pang paaralan sa Pransya, Alemanya at Olandia.<br><br>Natuto siya ng humigit-kumulang sampung wika at nakakapagsalita at nakakapagsulat sa mga wikang Filipino, Bicolano, Ingles, Español, Pranses, Aleman, Italyano, Ruso, Malayo. Naging tagapangulo ng Departamento ng Kasaysayan (1987-1989) at Dekano ng Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya (1989-1992).<br><br>Ang Pantayong Pananaw ay nagmula sa pagsusuri ni ZAS sa pundamental na punto-de-bistang pangkasaysayan sa proseso ng pagiging bansa ng Pilipinas noong | Ang mga Awit ng Rebolusyon Laban sa mga Kastila ay nananatiling mahalaga sa kasalukuyan lalo pa sa usapin ng pagsusuri ng mga isyung panlipunan.<br><br>Mahalagang magabayan ng guro ang mga mag-aaral upang kritikal na masuri ang mga tekstong tinalakay upang maging kabahagi sa pagtataguyod ng tunay na matatag na sambayanan. |

| | | |
|---|---|---|
| | 1974. Ang Pantayong Pananaw ayon kay ZAS ay nasa panloob na pagkakaugnay-ugnay at pag-uugnay ng mga katangian, halagahin, kaalaman, karunungan, hangarin, kaugalian, pag-aasal, at karanasan ng isang kabuuang pangalinangan-kabuuang nababalot sa at ipinapahayag sa pamamagitan ng isang wika, ibig sabihin, sa loob ng nagsasariling talastasan o diskursong pangakalinangan at pangkabihasnan.<br><br>Gamit ang wikang Filipino, ang Pantayong Pananaw ay ang pagkilala at pagsusuri sa kasaysayan at kulturang Pilipino mula sa lente at perspektibang Pilipino. Karamihan sa mga naging pag-aaral sa kasaysayan ng Pilipinas ay mula sa mga pananaliksik ng mga Kastila at Amerikano at sa pananaw ni ZAS, maraming bahagi sa pagkataong Pilipino ang hindi lubusang nauunawaan ng mga dayuhan, Para kay Salazar, ang rebolusyong 1896 na pinamunuan ni Andres Bonifacio ay pundasyon ng pagkabuo ng bansang Pilipinas na dapat maunawaan ng mga mag-aaral sa kasalukuyan.<br><br>Sa panglakahatan, ang Pantayong Pananaw ay maaari ring magamit sa pag-aaral ng panitikan upang masukat kung gaaano kalalim ang kalinangang Pilipino na matatagpuan sa isang akda. | Iparinig sa mga mag-aaral ang Awit sa Pantayong Pananaw na mapapakinggan sa https://www.youtube.com/watch?v=XfVhxOnW6NA |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA sa GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | Ang bahaging ito ay pagtataya sa pag-unawa sa nilalaman at naipamalas na kasanayan ng mga mag-aaral. Nakapaloob dito ang mga gawain para sukatin at tasahin ang nakapaloob sa proseso sa aralin. Ang iba't ibang panukat sa anyo ng pagsusulit o pagtatayang pangklasrum ay posibleng gamitin. Maaaring maging opsiyonal ang pagbibigay ng gawaing pantahanan o takdang aralin.<br>***(Tingnan ang pahina 11 ng Sagutang Papel para sa pagsusulit)*** | Mga Kasagutan:<br>1. Antonio Luna<br>2. Jose Palma<br>3. Josefa Tiongson y Lara<br>4. Marcha Funebre<br>5. Andres Bonifacio<br>6. Jose Corazon de Jesus<br>7. GOMBURZA<br>8. Marcelo H. Del Pilar<br>9. Kundiman<br>10. Julio Nakpil |

<table>
<tr>
<td rowspan="5">B. Pagbuo ng Anotasyon<br><br>Ang bahaging ito ay oportunidad ng guro na maitala ang mga mahalagang obserbasyon kaugnay ng naging pagtuturo. Dito idodokumento ang naging karanasan mula sa namasdang ginamit na estratehiya, kagamitang panturo, pakikisangkot ng mga mag-aaral, at iba pa. maaaring tala rin ang bahaging ito sa dapat maisagawa o maipagpatuloy sa susunod na pagtuturo.</td>
<td>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi</td>
<td>Epektibong Pamamaraan</td>
<td>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</td>
<td rowspan="6"></td>
</tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
<tr>
<td>C. Pagninilay<br>Ang bahaging ito ay patnubay sa guro para sa pagninilay. Ang mga maitatala sa bahaging ito ay input para sa gawain sa LAC na maaaring maging sentro ang pagbabahagi ng mga magagandang gawain, pagtalakay sa mga naging isyu at problema sa pagtuturo, at ang inaasahang mga hamon. Ang mga gabay na tanong ay maaring mailagay sa bahaging ito.</td>
<td colspan="3">Gabay sa Pagninilay:<br><br>▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br><br>Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin? Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br><br>▪ <u>Mag-aaral</u><br><br>Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin? Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br><br>▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br><br>Ano ang aking nagawang kakaiba?<br><br>Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?</td>
</tr>
</table>